# Proseso ng Reklamo para sa Title VI

Ayon sa Title VI (Titulo VI) ng Civil Rights Act of 1964 (Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964), "Walang kahit sinong tao sa Estados Unidos ang hindi isasali, tatanggihan ng mga benepisyo, o sasailalim sa diskriminasyon sa anumang programang nakatatanggap ng Pederal na tulong pinansiyal nang dahil sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan."

Ang Spokane Transit Authority (STA) ay hindi nagsasagawa ng diskriminasyon sa pagbibigay ng serbisyo batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Ang sinumang tao na naniniwalang nagawan siya ng diskriminasyon ng STA batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ay maaaring maghain ng reklamo gamit ang form na naka-link sa ibaba. Hindi sinisiyasat ng STA ang mga reklamong natanggap nang lampas na sa 180 araw mula nang mangyari ang hinihinalang insidente, at ang mga kumpletong reklamo lang ang ipoproseso nito.

Sa loob ng 15 araw ng serbisyo mula nang matanggap ang nakumpletong reklamo, kikilalanin ng STA ang pagtanggap sa reklamo sa paraang nakasulat. Maaaring hilingin ng isang tagasiyasat sa isang liham na magbigay pa ng karagdagang impormasyon ang nagrereklamo. Bibigyan ng 15 araw ng serbisyo ang nagrereklamo mula sa petsa ng liham para ipadala sa tagasiyasat ang hinihiling na impormasyon. Kung hindi matatanggap ng tagasiyasat ang karagdagang impormasyon o hindi nakipag-ugnayan sa kanya ang nagrereklamo sa loob ng 15 araw ng serbisyo, maaaring isara ng STA ang reklamo sa paraang administratibo. Maaari ding isara sa paraang administratibo ang isang reklamo kung hindi na nais ng nagrereklamo na ituloy pa ito. Magpapadala ang tagasiyasat ng panghuling liham ng resolusyon sa nagrereklamo kapag tapos na ang pagsisiyasat.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paninindigan ng STA laban sa diskriminasyon, o para humiling ng kopya ng Title VI Complaint Form (Form ng Reklamo para sa Title VI) sa alternatibong format dahil sa kapansanan, makipag-ugnayan sa STA Ombudsman:

STA Ombudsman
1230 West Boone Avenue
Spokane, WA 99201
(509) 325-6094
TTY Relay 711

Spokane Transit Title VI Complaint Form